# *Isang Ganap Na Pagpapalaya*

Medyo hindi ko alam ang sasabihin sa umagang ito. Nakaupo ako roon sa likod kasama si Kapatid na Egan, at narinig ko. . . May sinasabi si Kapatid na Neville, at nakatingin sa akin. Tapos sabi ko kay Kapatid na Egan, "Tinatawag ba niya ako?"

Tapos sabi niya, "Tinatawag ka niya."

2 At pagkatapos nandito ako para mangusap sa inyo tungkol sa isang bagay ngayong umaga. Iniisip ko, noong ako'y . . . Yung bentilador diyan, kung saan nila . . . hinihigop 'yung boses, para bang hinihigop nga ito palayo, kapag nagsasalita ka. Para ngang hinihigop nung bentilador 'yung boses nang daglian.

Pinakikinggan ko nga . . . ang isang patotoo nung naroon ako para manalangin sa isang babae sa telepono. At 'yung kumuha ng tawag, nakalimutan niyang ilagay kung saang siyudad tatawag, mula sa maybahay ni Dr. Morrison. At sasabihin ko lang kung anong ginawa ko, sa tulong na rin ng lahat ng inyong panalangin, at akin. Ipinatong ko ang mga kamay ko sa telepono, at itinuro 'yung numero, kung saan nga 'yun, at hiniling ko sa Espiritu Santo na magtungo sa babae. Kaya naisip ko na mapakikinggan Niya 'yun gaya nga ng kung papaano na Kanyang . . . Kita n'yo? At ipinatong ko lang 'yun. At marahil sa ganoong paraan nga ito nais ng Panginoon. Kita n'yo? Marahil mainam kung ganoon ang gagawin.

3 At pagkatapos napakinggan ko ang mga patotoo habang naroon ako, tungkol sa isang tao na sinasabing si Kapatid na babaing Rook ay . . . Sa palagay ko si Kapatid na Neville ang nagsabi na nagkaroon ng—ng pagpalya sa pag-iisip ang kapatid na babae, parang ganun. Atin ngang panghawakan ang Diyos para roon, habang inaalala natin ang isang bagay na ito: nakikilala ng Diyos ang mga Kanya. Nakikilala Niya ang lahat ng tungkol sa kanila.

4 Nakakarinig ba kayo nang maigi diyan sa likod? Kung hindi po, mayroon pa pong bakanteng upuan dito. Puwede po kayong lumipat kung gusto n'yo. At, sige't tingnan natin, *ito* po ba ang pangunahing mike? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Hindi, po."—Pat.] Ito po bang isa *rito* ang pangunahing mike? Sige. Titingnan lang natin kung mailalapit pa natin ito nang husto. Ano kaya kung sa banda rito, Gene? Sige't mainam diyan. At kung minsan po kasi'y napapaos ako nang kaunti; nito lang ay medyo nangangaral ako nang lubos. Ayos na po ba? Naririnig n'yo na po ba nang mas maayos?

5 At tunay na inaalala natin ang mga ito sa panalangin. At nais nating ibalita ang isang maluwalhating pagtitipon mula sa dako ng. . .

Si Kapatid na babaing Rook po ba itong nakikita ko rito? Ang tingin ko nga'y kamukha lang niya itong ginang dito. Inisip ko nga, "Siguro hindi naman niya kambal ang kinakausap ko rito." Kahawig lang niya ang nakikita ko rito, diyan sa likod. Siya po'y nasa Ospital ng Saint Edward.

6 At mangyari po, na sa Cleveland, Tennessee, at maging sa California, nagkaroon kami ng maluwalhating mga pagtitipon. Ang Panginoon ay nagpala nang lubos, at maraming bagay ang Kanyang ginawa. At tuwang-tuwa tayo para riyan. Natutuwa tayo na makabalik sa sarili nating mga kasamahan, na inuulat ang kabutihan at kaawaan ng Diyos. Ganoon 'yung ginawa nila noon sa Biblia.

7 Ikinalulugod ko nga si Kapatid na Neville, o si Kapatid na Beeler sa kanyang pananalangin, 'yung kung papaanong ipinanalangin niya ang mga tao, at—at siya'y humiling ng tulong at habag. At kung titingnan lang nating maigi, lagi n'yong mamatyagan, ang mga bagay na nangyayari, makikita n'yo na may kung anong bagay na tapat tungkol dito. At pagkatapos nung pumunta rito si Kapatid na Neville at dinala ang mga diyakono, at iba pa, dito sa ibabaw ng entablado, para—para magdeklara ng pagpapala ng Diyos para sa—sa paghahandog ng iglesya, narinig ko siya na nangungusap sa kanyang panalangin sa Diyos, tungkol sa mga kalalakihang ito, kung papaanong nagpapanalanginan sila sa isa't isa. At nagdulot 'yun sa akin ng kabutihan na mapakinggan ang isang pastor na nakakapanalangin para sa kanyang mga diyakono, at ang mga diyakono nama'y nananalangin din para sa pastor. Kapag makikita n'yo ang isang iglesya na nagtutulungan na gaya nun, buweno, may bagay nga na napipintong kumilos. Sa ganoong paraan nga dapat ang kaayusan sa iglesya. At nagbunsod nga 'yun sa akin ng ideya para sa isang teksto. Mangungusap sana ako tungkol sa pagpapala sa Kadesh, at ang pagtangging makinig sa ulat ng mga tiktik, pero binago ko ang isip ko, pinalitan ko 'yun.

8 At ngayon, tungkol po sa pagpapagaling, mayroon lang po akong munting patotoo na nais kong ilahad. Umaasa nga ako na makikita ko ang anak kong, si Billy, diyan sa likod, mangyari nga na naroon 'yun sa bulsa niya.

At umiigi nang umiigi si Billy sa mga pagtitipon, kaysa sa noong una siya. Dati po kasi'y ninenerbiyos siya, nababalisa, at dahil sa pagsasabi lagi sa mga tao na, "Oh, maupo po kayo. Maupo po." Sabi, "Bibigyan ko—bibigyan ko kayo ng prayer card." Pero napansin ko po, nito lang, may mga taong nagpupunta sa pagtitipon na siya po'y nakararamdam ng awa.

Kapag wala na siyang natirang prayer card, mangyari nga na pinapupunta niya sila sa isang silid para maipanalangin ko sila.

9 At may ganoong pangyayari sa Chicago, nitong nakaraan lang. At gusto kong basahin 'yung liham kapag pumasok na siya. Hindi ko nga siya nakita't naabisuhan. Hindi niya alam na pupunta ako ngayong umaga, dito, at—at gusto—gusto ko sana 'yung liham. Pero hayan nga na bigla ko na lang naisip 'yun kapag naiisip ko ang masyadong maraming karamdaman. At ganito po 'yun. Isa po 'yung sertipikadong liham na . . .

Binabasa ko sa pahayagan, (kailanman po'y ako; hindi sa akin nasabi) na may mga pahayagan na pinupuna si Oral Roberts, dahil nanalangin siya sa isang babae na may diabetes at namatay ito. At ako, ngayon, bilang isang Amerikano, gusto kong—gusto ko rin naman makinig sa mga batas at—at sa tao na nasa awtoridad. Pero sa palagay ko'y hindi lang 'yun ganoon. Iniisip ko nga kung payag sila na ilagay, sa pahayagan, ang lahat ng ipinanalangin ni Oral Robert na mga gumaling, na mga tinanggihan ng mga doktor. Iniisip ko, ano kaya kung pagbaligtarin nila nang minsan, kita n'yo. Hindi nga nila gagawin 'yun. At kaya naisip ko na marahil ginulo lamang ng diyablo ang pag-iisip nila nang husto, na, at pinahintulutan 'yun ng Diyos, para sa Araw ng Paghatol ay sasagutin nila 'yun. Pero hayan nga na alam ko ang tungkol sa libo-libong tao na ipinanalangin ni Oral Roberts, na mga naghihingalo na, at sila'y gumaling.

10 Kaya, kita n'yo, sila, hindi sila patas ukol dun. Ibabalita lang nila ang panig na ito, itong mapamintas na panig na ito, pero hindi nila ibabalita itong kabilang panig. Ngayon, ang dapat sana'y ang ginagawa ng diyaryo'y ipinapaalam sa publiko ang eksakto't buong kaganapan na nangyayari. Kaya naisip ko tuloy, kung ang mga tao lamang ay may malasakit sa isa't isa, kung may taong gumaling, na gumaling talaga, bawat pahayagan sa Estados Unidos ay marapat lamang na maglathala ng artikulo tungkol dun. Pero hindi mo nga sila mapagkakatiwalaan na gawin 'yun. Hindi. Dadalhin n'yo 'yung ganoong ulat sa kanila, ngingisi lang sila't pagtatawanan ka lang, at tatalikuran ka. Pero ngayon kung may bagay na pupunahin . . . Ipinapakita lang n'yan na ang bansang ito'y malapit na sa kahatulan. Tama. At marapat lamang na may paghatol, at walang paraan para takasan ito. At nagbubunton lang sila ng apoy sa kanilang mga ulo, at kung ano pa. At ganoon silang—silang . . . lihis, sa mga prinsipyo! Ang isang pahayagan, ang prinsipyo nito, ay ang—ang ipaalam sa publiko ang anumang bagay na mabuti't masama, na nangyayari. Pero ang layo na nila sa kanilang mga prinsipyo. At kung sila'y malayo sa kanilang mga prinsipyo, kung ganoon hindi nila—hindi nila maihahatid ang kanilang layunin nang maigi.

11 At ganoon din ito sa iglesya. Kung ang isang iglesya'y malayo na sa mga prinsipyo nito, hindi nito mapagsisilbihan ang mga banal nang maigi. Kinakailangan nating magkaisa, kailangang lumakip mismo. Kinakailangan na isang puso't isang pagkakasundo tayo. O, hindi tayo kailanman makapaglilingkod sa Diyos o sa mga tao, maliban na isa ang puso natin at isa ang pagkakasundo, para tumayo sa mga prinsipyo ng Biblia at sa mga bagay na sinabi ng Diyos na tama. Kinakailangan na nakatayo tayo lagi sa mga ito.

12 May pinapasok si Billy sa silid, sa Chicago, siya. . .May lumapit sa kanya, isang babae kasama ang asawa nitong lalaki, na may kanser sa baga, malapit nang mamatay. At ang asawa nitong babae'y isang biktima ng polio't nakaupo na lang sa isang silyang de gulong, at ang babae nga'y inaasikaso ang asawa niyang lalaki na hindi na halos makatayo, dahil sa kanser sa kanyang baga. At ang sabi ni Billy sa kanya, sabi niya, "Pasensya—pasensya na po, ginoo." Sabi, "Ikagagalak ko po sanang bigyan ka ng prayer card." Tapos sabi niya, "Pero wala na akong—wala na akong natira pa."

13 Tapos sabi nung lalaki, "Buweno, ayos lang, iho." Sabi niya, "Ayos lang 'yan." Sabi, "Sinubukan lang naming pumunta rito, hayan nga na medyo mahirap 'yun para sa amin."

14 Sabi ni Billy, "Sasabihin ko po sa inyo kung anong puwede n'yong gawin." Sabi, "Susunduin ko lang ang tatay ko. At ihahatid ko lang siya roon, at susunduin siya pagkatapos." Tapos sabi, "Kapag naihatid ko na po, pagkapakinig na pagkapakinig n'yo sa kanyang Mensahe," sabi, "mangyari po na dalhin n'yo ang inyong. . .o ang asawa mong babae at ikaw, at pumasok kayo sa munting silid na 'yun dun na papasukan at lalabasan ko, at sasabihin ko sa kanya na ipanalangin kayo."

15 "Oh," sabi nung lalaki, "napakabait mo, iho. Sapat na 'yan." Kita n'yo? Ganoon ang—ganoon ang dapat na saloobin. Kita n'yo? "Sapat na 'yan. Mainam 'yan." Kita n'yo?

16 At nung gabi na 'yun, si Billy, noong balikan na niya, na tumatalima mismo sa kung ano ang ibinilin niya, na 'yung lalaki'y dadalhin niya dun ang bayaw niya na may pagdurugo mula sa baga. At ang kanyang hipag ay naroon din, na nagdurugo naman mula sa tiyan, dahil sa mga ulcer, mangyari nga na pumasok din sila kasama sila, parang maisisingit na medyo tulong na rin para makapasok sila. Kaya kung titingnan n'yo, talagang punung-puno 'yung silid, kita n'yo. Pero noong matapos na't ipinanalangin na sila, may natanggap kaming liham na sagot, sa koreo, na 'yung lalaki'y ganap na pinagaling na sa kanser sa kanyang baga. Yung babae naman, 'yung asawang babae na nasa silyang de gulong, ay nakatayo na mismo, nakakapaglakad-lakad na't normal na mula noon. Yung lalaki na may pagdurugo sa—sa baga, dahil sa tuberkular, ay

ganap na magaling na. At pati 'yung asawa nitong babae na may mga ulcer. Apat sila na pinagaling, mismo! Iniisip ko nga kung papayag ang mga pahayagan na ilathala 'yan. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Oh! Pero ang Diyos ay nananatiling Diyos. Siya nga'y gumagawa mismo ng mga bagay-bagay sa Kanyang Sariling paraan, alam n'yo, at Siya'y napakabuti. Lubos ang kagalakan natin na mapagkilala mismo na Siya ay Diyos.

17 Pinag-uusapan namin noong isang umaga ang tungkol sa isang munting mangangaral na kilala namin, na dating humahayo-hayo, nananalangin sa mga maysakit at lahat. At nagtungo siya't nanalangin para sa isang tao sa ospital sa Louisville, at ang sakit ay tuberkular, namatay 'yung ginang. Sabi nung munting lalaki, "Buweno, wala nang halaga pa... Hindi naman inaano ng Diyos...Walang Diyos. Dahil dapat sana'y tutuparin Niya ang Kanyang Salita." Sabi, "Pinahiran ko nga ang ginang gaya ng—gaya ng sinabi mismo ng Biblia. Kung hindi Niya tinutupad ang Kanyang Salita, hindi Siya Diyos." Sabi, "Aklat lang 'yun kung ganoon."

18 Ngayon, mukha ngang ganoon 'yun maliban na lang kung nakikilala mo ang Diyos. Bahagi naman 'yun ng mga Kasulatan, pero hindi 'yun ang buong Kasulatan. Ito'y nakabatay sa pananampalataya ng indibiduwal. Kita n'yo?

19 At ikinuwento ko sa maybahay ko, sabi ko, "Maraming mga bagay ang napangyari, kaya nalalaman ko na mayroon talaga. Hindi ko alam kung anong mangyayari sa akin sa huli. Marahil ako'y magiging ganun din. Kung ilalayo ng Diyos ang Kanyang kamay ng awa mula sa akin, ako'y magiging ganun din. Pero habang pinapanatili Niya ang Kanyang kamay ng awa at pagpapatnubay sa akin, ako'y magpapatuloy." Pero tinanong ko si Meda, sabi ko, "Sino 'yung nasa silid nung umagang 'yun matapos 'yung pangitain na 'yun na nakita ko ang munti kong anak na babae, na si Sharon?"

20 Siyanga po pala, noong isang araw, para bang mahihimatay ako. Nakaupo ako sa isang kalsada. At alam n'yo na 'yung kuwento nung pangitain ko ukol sa kanya, pagkatapos. At tumingin ako, lumitaw sa gilid ko, hayan nga't may dumarating na isang kabataang babae sa kalsada dito sa Jeffersonville, na eksaktong gaya nung pangitain na 'yun. Talagang napahawak na lang ako sa mga kamay ko. Parang ganoon na ganoon sa pangitain na 'yun ukol sa munti kong Sharon! Siya'y batang babae noon.

21 At pagkatapos nung pangitain na 'yun noong umaga na 'yun, doon noon sa Kaluwalhatian, aking...Sinasabi sa akin dun ni Hope, na nakaakbay ang kanyang bisig sa balikat ko, sinasabi, "Huwag mo kaming alalahanin, Bill. Mas maigi ang kalagayan namin." Sinusubukan ko na nga noong magpakamatay. At sabi

niya, "Huwag mong alalahanin. Ipangako mo sa akin na hindi ka na mag-aalala pa."

22 Tapos sabi ko, "Hindi ko maipapangako, Hope, dahil ako—ako—ako'y . . . Nag-aalala ako. Hindi ko mapigilan."

23 At kumawala na ako dun sa pangitain, na nakatayo sa isang madilim na silid. At hindi po pangitain, hindi imahinasyon, pero ang bisig niya'y nakaakbay pa rin sa akin. At tinatapik-tapik niya ako. Sa isip-isip ko, "Sandali lang. Hindi ito . . . " Hindi ko pa alam ang tawag dun noon, itong pangitain. Kawalan ng ulirat ang tawag ko dun noon. Sabi ko, "Isa itong . . . Ang kanyang kamay ay nandito pa rin." Sabi ko, "Nandito ka ba, Hope?"

24 Sabi niya, "Bill, ipangako mo sa akin na hindi ka na mag-aalala tungkol sa akin at ni Sharon." Dahil, nasa dulo na ako ng daan ko noon. Handa na ako noong magpakamatay.

Sabi ko, "Ipinapangako ko sa'yo." Tapos niyakap niya ako, at tinapik-tapik ako ng kanyang kamay.

At pagkatapos ang sabi ko—ang sabi ko, "Hope, nasaan ka?" Akin ngang . . . nadama ko, hanggang sa mahawakan ko 'yung munting kawing sa ilaw at hinila 'yun. Lumibot ako sa paligid, hinanap ko sa bawat upuan, para makita kung nakaupo ba siya roon.

Siya po'y Diyos. Siya po'y ang Diyos mismo, ngayon, kung papaano Siya noon sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo noong si Moises at si Elias ay nagpakita. Siya'y nananatiling Diyos.

25 Maaari tayong dumaan sa napakaraming mga problema at pagsubok. Alalahanin n'yo lang, may Isa Na nakakabatid, iniilawan ang daan, pinagiging realidad ito. Hindi ko alam kung anong mayroon sa likod ng tabing. Pero batid ko ang isang bagay, nagtutumulin ako sa hangganan ng dakilang pagtawag, araw-araw, sinisikap na mamuhay para sa dakilang kaganapan na 'yun na mangyayari balang araw; kapag nakita ko na Siya, nang mukhaan, at isaysay ang kuwento, "Naligtas sa pamamagitan ng biyaya." Yan ang araw na dahilan kung bakit ako nabubuhay. Iniiwan ang mga bagay na 'yun, na nariyan, nagnanais akong magtumulin, magpatuloy lang.

26 Nais kong ang tabernakulong ito, ngayon na nakatayo kayo, nais kong magtumulin kayo sa hangganan ng dakilang pagtawag. Anuman ang ginagawa n'yo, kumapit kayo sa isa't isa, sikapin n'yo na maging pamilya sa isa't isa, hayan nga na lagi n'yong iunat ang isang kamay n'yo, para abutin at dalhin ang iba pa, para madala sila papasok. Pero sa Pananampalataya na ito na atin ngayong ipinapangaral at pinakikipaglabang masikap, huwag kayong lilihis isa mang pulgada mula Rito. Dahil, kung naniniwala kayo na ako'y Kanyang lingkod, ito po ang programa ng Diyos. Hindi ito kailanman mapapasama sa nakararami. Lagi itong mabibilang sa kakaunti, ganoon noon sa tuwina at laging ganoon sa hinaharap. Pero, alalahanin n'yo, nasusulat, "Huwag

kayong matakot, munting kawan; nakalulugod na mainam sa inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian."

27 Ngayon, may grupo ng mga katungkulan sa iglesya, mga diyakono, mga katiwala, superintendent ng Sunday school, mga pastor, gaya nga ng kung papaano nakaayos ang ating iglesya. At kayo, na mga miyembro, kayo ang humalal sa mga opisyal na ito at sa pastor dito. Ako po'y pangakalahatang tagapangasiwa lang, pinangangasiwaan kung tama ba ang takbo, at para magbigay ng payo at kung ano pa. Kayo po ang bumoboto sa inyong pastor, kayo ang bumoboto ng inyong mga katiwala, kayo ang bumoboto ng inyong mga diyakono, kayo ang bumoboto sa bawat katungkulan sa iglesyang ito; kayo, na mga miyembro. At tungkulin n'yo na itaguyod ang mga kalalakihang ito, kita n'yo, dahil maaaring magkamali sila. Sila'y mortal. Sila'y mga tao lang, at sila'y maaaring magkamali. Mangyari ba na kung ang Presidente ng Estados Unidos ay magkamali, pinabababa ba natin siya agad-agad, bilang Presidente? Kinakalimutan lang natin ang tungkol dun at umuusad. Yan ang gusto nating gawin sa iglesya ngayon. Pinakikinggan ko siya habang nananalangin siya, kani-kanina lang, para sa mga diyakono. At ang mapakinggan 'yun doon, isang patotoo, sa may pinto, mula sa mga katiwala, na kung papaanong may pagkakasundo-sundo kayong lahat. Ngayon manatili po kayong ganoon. Ngayon, kayo na mga miyembro'y suportahan n'yo ang mga katiwala na ito, mga diyakono, at pastor. At alalahanin n'yo, sa tuwing nagsasama-sama kayo, alalahanin n'yo na trabaho ng diyablo na siguruhing mapagwawatak-watak ito. Ngayon lagi pong ganoon noon at laging magiging ganoon sa tuwina. Pero itaguyod n'yo ang iyong mga opisyal, at 'yan po ang pangungusap na gusto kong ipahayag.

28 At heto rin na mayroon ako ritong ilang. . .may bagay ako rito para sa paskilan ng anunsyo sa umagang ito, tungkol sa pagpupulong ng mga lupon at kanilang kapamahalaan. At ilalagay po 'yun sa paskilan ng anunsyo. At may kopya ako para kay Kapatid na Roberson, na tagapangulo ng di-. . . ng mga tagapangasiwa. At heto rin na may kopya ako para kay Kapatid na Collins, sa palagay ko, na siyang tumatayong tagapangulo ng lupon ng mga diyakono. At ngayon, ang lahat ng mga katungkulan na ito'y nakaayos ayon sa Kasulatan, at kinakailangan na may batay sa Kasulatan silang mga panuntunan ng kung ano ang dapat nilang gawin. Kaya naman, ang mga katiwala ay may sariling katungkulan. At ang mga diyakono ay may sarili ring katungkulan. Ang superintendent ng Sunday school ay may sarili mismong katungkulan. At ang pastor naman ang tagapangulo ng kawan.

29 Ngayon, ang bawat isa'y may mga bagay na pagkakapareho. At iniisip ko na ang pagpupulong n'yo ay hindi dapat pagsasamahin, kundi mayroong pagpupulong ang bawat

katungkulan, dahil wala namang sasabihin na anuman ang mga diyakono sa mga katiwala maliban na lang kung may tungkulin sila na iprepresenta sa kanila. At ganundin ang kabila, ang mga katiwala ang nangangasiwa sa pinansyal at mga bagay-bagay ukol sa gusali; wala silang anumang kinalaman sa mga diyakono. Ang mga diyakono ang pulis ng simbahan, at mga katulungan ng pastor. At ang mga katiwala naman ang humahawak sa lahat ng ari-arian. Wala pong kinalaman ang mga katiwala sa pamamahalang espirituwal, at walang kinalaman ang diyakono sa pamamahalang pinansyal. Kaya naman, ganyan dapat. At ang superintendent ng Sunday school ay kailangan nakapokus sa kanyang Sunday school. Heto po na naisulat ko itong lahat dito, nai-tayp, para ilagay sa paskilan ng anunsyo.

30 At pagkatapos ipalalagay natin, sa isang kuwadro, ang Turo't Aral na tinatayuan ng iglesya, at ilalagay Ito sa kuwadro rito, sa simbahan; kung ano ang tinatayuan natin, ang mga—ang mga prinsipyo, ang Turo't Aral ng iglesya. Ngayon, upang maging isang iglesya, kailangan mayroon tayong doktrina.

31 Hindi lang 'yun basta-basta naglalagay tayo ng tulos, at sasabihin, "Hanggang *dito* lang tayo." Tayo po'y humahanggan nang mas malayo, sa pakikipagbuklod sa lahat, na ipahihintulot sa atin ng Diyos na marating, sa Kanyang mga Kasulatan, kasama ang kanyang bayan. At ngayon maglakip-lakip lang tayo, magkaisa, magkaisang puso, at umusad mismo para sa Diyos. Yan ang paraan na nais ng Diyos na ating gawin.

Ngayon tayo po'y manalangin, at pagkatapos buklatin natin ang Salita.

32 Oh pinakamamahal na Panginoon, kami ngayon ay handa nang dumako sa Banal na Salita, o sa pagbabasa ng Salitang ito. Nawa'y ipaliwanag sa amin ng Iyong Espiritu Santo ang bagay na kailangan namin. At Iyo pong itulot na kami'y makapangusap, Panginoon, at makakilos at mamuhay, yamang nababatid namin na kaming lahat ay Iyong mga anak, sa pamamagitan ng biyaya, gaya ng Iyong pagkatawag sa amin. Nawa'y magkaroon ng pakikisama sa iglesyang ito, yamang nakikita namin na nalalapit na mismo kaming umahon sa isang kung anong dakilang pagkilos, nararamdaman namin, ang pagbubunsod sa iba pang mga ministro na humayo sa pagmimisyon kung saan, kung Iyo pong ipadadala ako sa iba't ibang bahagi ng mundo, na doon po'y itatag ang Pananampalataya, at magkaroon ng isang ministro na handa't may pananabik, at masanay para humalili. At nawa ang Pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal, na magiting naming tinitindigan, ay lumaganap paikot sa mundo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa ang munting tumpok na ito ng damo, na noong araw ay inihandog namin sa Iyo, nawa po'y may iglesya na umusbong dito, Panginoon, na mula rito ay

humayo ang mga ministro at mga ebanghelista at mga guro at mga misyunero, patungo sa lahat ng bahagi ng mundo.

33 Hihiling po kami, sa umagang ito, ng isang espesyal na pagpapala para sa aming Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Stricker na dumaranas ng pagdudusa ngayon. Pero alam po namin na lahat kami'y inilalagay sa ganitong mga pagsubok. Bawat anak na lalapit sa Diyos ay kinakailangan na makaranas ng hirap, masubok. At kung kami'y susuko na lang nang basta-basta, at tatalikod, kung ganoon ay mga ilehitimong mga anak kami, at hindi talaga anak ng Diyos. Iyo pong pagkalooban si Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Stricker ng lakas at kapangyarihan, para makapanatili sa iniatang sa kanilang tungkulin. Kung kinakailangan nilang manghingi ng pagkain na kanilang kakainin, itulot Mo po na ang Iyong kamay ng pagpapala'y mapasa kanila. Dahil di po namin nalalaman na anupa't marahil sa mismong pagsisikap na 'yun ay Iyong ipakikita sa mga katutubo ng Aprika kung ano ba mismo ang tunay na Cristiano. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo po ngayong itulot na ang lahat ng ito'y mapangyari ayon sa Iyong kalooban.

34 Iyo pong pagpalain ang pastor dito, si Kapatid na Neville. Dalangin namin, Panginoon, na Iyong ibubunsod siya na maging isang pastol ng kawan, kagaya Mo noon sa nakaraan. At nang di namin makalimutan ang kanyang kalugud-lugod, na munting maybahay na malubha ang karamdaman. Nagpupursige ang kaaway na iwan si Kapatid na Neville kasama ang grupo na 'yun ng mga anak, na walang nanay, pero kami nga'y tumitindig at inilalagay, sa pamamagitan ng pananampalataya, ang Dugo ni Jesus Cristo sa pagitan ng kaaway at ng kapatid naming babae na ito. Nawa ang Iyong Espiritu, Panginoon, ay madakila sa kanya, yamang nababatid na lahat ng mga kababaihan ay itinalaga na lumakad sa libis na ito, ng kadiliman sa kapanahunang ito, pero idinadalangin nga namin na Ikaw po ay sasama sa kanya. Pagpalain Mo po ang maliliit na mga batang 'yun. Ang kapatid na babae nga'y ninenerbiyos ngayon, at nababagabag, pero ang Espiritu Santo nawa'y mapasa-pituan ng habag, sa tuwina, para sa pamilyang 'yun.

35 Iyo pong pagpalain ang lupon namin ng mga katiwala, ang aming Kapatid na Wood, at ang aming Kapatid na Egan, Kapatid na Roberson, at lahat ng iba pa, Panginoon. Ang mga diyakono, mga katiwala, at lahat ng may kaugnayan sa iglesya, idinadalangin namin, Panginoon, na Iyong ibubunsod na makapaglingkod sila ng kanilang termino na may kabanalan at—at katuwiran. Iyo pong pagpalain sila, Panginoon, na mga nakapaglingkod noong una. At dalangin namin na Ikaw po'y patuloy na sasa aming lahat, na kami'y makilala bilang isang iglesya ng pagkakaisa, at Espiritu at pag-ibig ng Panginoon. Dalangin namin na Iyong ibaha-bahagi sa amin ang Salita,

ayon sa aming pangangailangan, habang binabasa po namin ang Iyong nasusulat na Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

36 At sa pananalangin, naiisip ko na ating pinagpapala o sa paghingi natin ng mga pagpapala para sa ating mga bagong… ating bagong lupon ng mga katiwala at iba pa, naiisip ko nga ang ating Kapatid na Fleeman at Kapatid na Deitzman at sila na nakaupo rito, na nakapaglingkod nang mainam, noon. At pinasasalamatan natin ang Diyos para sa kanilang tapat na paninilbihan. Nawa ang Panginoon ay sumakanila, para pagpalain sila at tulungan sila. Nais ko lamang pong magbasa bago…Sige po't alalahanin n'yo lang, ang paskilan ng mga anunsyo at iba pa, at ang mga paparating na mga pagtitipon.

37 At nagagalak tayo na kasama natin, ngayong umaga… Buweno, nais ko lang sabihin ito na gaya nito, heto ang isang lalaki na talagang kalugud-lugod sa akin, noon, at kalugud-lugod pa rin ngayon, isang mabuting kapatid, Fred Sothmann, mula…at ang kanyang maybahay, mula Saskatchewan, Canada, na narito para manatili pansamantala kasama natin, sa ating bansa, manatili pansamantala; pero sa ating pakikipagbuklod, isa pong kalugud-lugod na kapatid, si Kapatid na Fred Sothmann na nakaupo riyan. Siya po ang nangangasiwa ng malalaking gawain para sa akin kapag ako po'y nasa Canada.

38 At isa pang kalugud-lugod na kapatid na dating mamamayan ng Canada, na isang negosyante, at mapapatunayan niya sa mundo na hindi n'yo magagawang higitan ang Diyos sa pagbibigay. Siya at ang kanyang kaibigan ay nagbuo ng isang foundation para sa gastusin ng pagpapatayo ng isang lugar, o para sa isang misyon sa ibang bansa, isang foundation. At tinawagan nila ako na pumunta ng Oakland, para sa isang pagtitipon, at nabanggit nila na nakuha na nila ang pera. Sila po ang magtataguyod ng lahat ng 'yun, doon sa kanilang foundation.

39 Si Kapatid na Fred at ako'y sinubukan 'yun sa ilang pananalapi na mayroon si Kapatid na Fred, na hindi ko gustong tanggapin bilang indibiduwal. Kaya naman napagpasyahan namin na ibigay 'yun sa mga taga-Canada at nang hindi na lumikom ng kaloob, pero hindi maganda ang kinahinatnan. Maiinam po ang mga pagtitipon. Pero dahil hindi kami lumikom ng kaloob…Di ko po alintana kung ang iglesya'y nagkakahalaga nang bilyong dolyar, obligasyon n'yo pa rin 'yun, sa Diyos, na lumikom ng kaloob. Bahagi 'yan ng pagsamba. At ninanakawan n'yo ang…Gaano man akong di sang-ayon sa pera at mga bagay-bagay na gaya nun, nalaman ko, na kapag ang isang tao'y mali, mas mainam na aminin mong mali ka, dahil si Kapatid na Fred at ako'y nakita namin na hindi mainam ang kinalabasan nun.

40 At, Kapatid na Borders, noong iwan ko si Kapatid na Fred at nagpunta ako roon sa iyo sa Oakland, sabi ko, "Huwag n'yong gawin. Ipaikot n'yo lang 'yung lalagyan ng kaloob, kumuha kayo ng kaloob, at, kung anuman ang malikom, ibalik n'yo 'yun sa foundation para sa iba na namang pagtitipon sa kung saan."

41 At bago matapos ang mga gawain, lumapit sa akin si Kapatid na Border at ang kanyang mga kaibigan, at sabi, "Gaya nga ng naibigay na namin sa—sa pagtitipon, natustusan na 'yun."

42 At pagkatapos, mga ilang araw ang nakararaan, gumawa siya ng paghahanda para sa isang pagtitipon sa San Jose, California, kung saan may mga nasa, sa palagay ko animnapu o pitumpung kaiglesyahan sa libis na 'yun, na galing sa iba't ibang pananampalataya na ang lahat ay nakikipagtulungan. Nagkaroon kami ng kamangha-manghang pagtitipon, at babalik kami uli, sa Nobyembre. Ikinagagalak namin na makasama ka namin, Kapatid na Borders at Kapatid na Fred na nakaupo riyan sa likod. At ang mga kalalakihang ito'y marahil di n'yo kilalang lahat, pero sila nga'y napakahalagang mga kapatid para sa akin sa dako ng pagmimisyon, nakikipaglabang masikap para sa Pananampalataya na ating tinatayuan. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Ikinagagalak namin na makasama kayo sa umagang ito, sa munti't, lumang tabernakulo na ito rito. Hindi nga ito ganoong kagara kung titingnan. Pero may kung anong bagay rito, na, alam namin na ang Diyos ay nananahan dito, kita n'yo, kaya ikinagagalak namin 'yun. At may iba pang kalugud-lugod na mga kapatid, kung may oras lang ako para banggitin, na kasama natin ngayon.

43 Ngayon ako po'y umaasa at nananalangin na sa susunod na ilang araw, loobin ng Panginoon, gusto kong pumunta, may pangunguna ako na pumunta . . . Hindi ko pa nababanggit ang anunsyo na ito. Ang susunod na pagtitipon, ay sa Ohio, para makasama si Kapatid na Sullivan, sa campgrounds, sa kaunting panahon lang. Nasa sandaang milya lang ang layo roon, sa palagay ko, Gene, para pong ganoon. Mainam na puntahan n'yo po 'yun, kung hindi pa kayo nakakapagplano ng bakasyon n'yo, kung magtutuluy-tuloy na pangunahan tayo ng Panginoon. Napaka inam pong lalaki, at kinalulugod natin si Kapatid na Sullivan, nang lubos. Isa siyang . . . Siya ang alkalde ng siyudad. Dati siyang alkalde ng siyudad, at makalumang tubong Kentucky. Yan po mismo ang masasabi ko tungkol sa kanya. Nung magkita kami nung isang araw sa . . . Kapwa po kami lumaki sa mga bundok na 'yun ng Kentucky. Sabi niya sa akin, "Nadiyan pa rin ba sa leeg mo 'yung asafetida mo, Billy?" Ngayon diyan n'yo nga malalaman kung gaanong—ganoong ka-Kentucky siya. Ngayon tayo po'y dumako na sa . . .

Di sa binabalewala ko ang mga kapatid nating tubong Kentucky rito, si Kapatid na Jefferies, at iba pa. Isa rin akong tubong Kentucky, siyanga, alam n'yo. Sige't sasabihin ko sa inyo

ang isang bagay. Hindi po tayo tubong Kentucky, o hindi rin tayo mga Amerikano. Tayo'y mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan. Hinahanap natin ang isang Bayan na parating.

44 Ngayon para sa pagbabasa, bumasa tayo mula sa Aklat ng Exodo, nang ilang minuto. Nais kong bumasa mula sa ika-23 kabanata, at sa ika-20 talata hanggang sa ika-23, ang mga nakapaloob. At nais kong kumuha ng teksto sa umagang ito, mula rito, o tungkol dito, pala: *Isang Ganap Na Pagpapalaya*. At di po ako magpapakahaba, sa pagsasalita, ngayon habang hinihintay ko kayo na mabuklat n'yo ang inyong Aklat at kabanata.

> *Narito, aking sinusugo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka* sa *dakong aking inihanda sa iyo.*
>
> *Magingat kayo sa kaniya,...dinggin ninyo ang kaniyang tinig, huwag ninyong mungkahiin siya; sapagka't hindi niya patatawarin ang inyong pagsalangsang: sapagka't ang aking pangalan ay nasa kaniya.*

Natitiyak ko na nalalaman ng kongregasyon kung sino ang Anghel na ito. "Ang Aking Pangalan ay nasa Kanya."

> At *kung didinggin* mong *lubos ang kaniyang tinig, at gagawin mo ang lahat ng aking sinasalita; ay* magiging *kaaway nga ako ng* iyong *mga kaaway, kaalit ng* iyong *mga kaalit.*
>
> *Sapagka't ang aking anghel ay magpapauna sa iyo, at dadalhin ka...sa Amorrheo,... sa Hetheo,... Perezeo,...Cananeo,...Heveo, at...Jebuseo: at aking lilipulin sila.*

45 Pagpalain nawa ng Panginoon ang Kanyang Salita habang mangungusap na tayo ngayon nang ilang minuto, kung ipapanalangin n'yo. Binubulay ko po ang paksang ito, ng: *Isang Ganap Na Pagpapalaya*.

Ang Iglesya nga'y laging nasa—nasa kakaunti. Ganoon 'yun sa tuwina, sa bilang ng mga miyembro, hanggang sa dumating si Jesus. Pero Ito nga'y nabubuhay sa ilalim ng bigay-ng-Diyos na mga pribilehiyo Nito. Kung malalaman lang natin, ito ang Iglesya ng buhay na Diyos; hindi ang Branham Tabernacle, kundi ang Branham Tabernacle ay bahagi lang Nito. May iba pang mga tabernakulo sa buong bansa.

46 Si Kapatid na Snelling, ngayong gabi, ay magdadaos ng gawain ng pagbabautismo. Nakalimutan ko lang na nabanggit sa akin ni Kapatid na Curtis na ianunsyo 'yun, o nabanggit sa akin kahapon, na idinadaos na 'yun. Siya po'y nagdadaos ng gawain ng pagbabautismo. At kung mayroon man dito na hindi pa nababautismuhan, siyanga, hayan po, ikagagalak ni

Kapatid na Snelling na gawin ’yun, ngayong gabi. Sa Holiness Tabernacle po ito sa Utica. At si Kapatid na Junior Jackson, sa New Albany. At napakarami pa pong ganoong kaiglesyahan sa buong bansa. Pero lahat tayo’y nabubuhay, na para bang, nasa panig ng talunan, humigit, kumulang.

47 Napakinggan ko si Kapatid na Neville kaninang umaga, na diyan sa likod, bigla po ’yung pumasok sa isip ko, na ang mga tao’y para bang napapalayo mula sa pagkalaya. Mistula nga ’yung isang bagay, na, tutal nakita na ng mga tao, kaya isinasantabi nila ’yun sa isang gilid, “Oh, buweno, magagawa ’yun ng Diyos.” Pero hindi ’yun ang dapat na pag-uugali dun.

48 Ngayon, si Moises, noong tawagin siya ng Diyos, isa siyang ganap, na lubos na propeta.

Kapag ang Diyos ay magpapadala ng isang tao para gawin ang isang bagay, ganap na sinasangkapanan Niya ang tao na ’yun ng lahat na kailangan niya. Kung tinatawag ng Diyos ang isang lalaki para maging isang mangangaral, may inilalagay Siya sa tao na ’yun para makapangaral. Kapag tinatawag Niya ang isang lalaki para maging tagapagturo, may inilalagay Siya sa tao na ’yun para makapagturo. Kung tinatawag Niya ang isang lalaki para maging propeta, may inilalagay Siya sa kanya, para makakita ng mga pangitain at maging isang propeta. Ganap na sinasangkapanan ng Diyos ang Kanyang tao sa tuwina.

At ganoon mismo ang ginawa Niya noon nung isugo Niya si Moises papuntang Egipto. Sinanay Niya siya sa isang partikular na paraan. At inaralan Niya siya sa isang partikular na paraan, at Kanyang hinulma siya, at ginawa siya, at hinubog siya. Pagkatapos na ipangako Niya kay Abraham, ilang daang taon bago pa, na Kanyang palalayain ang mga tao, mangyari nga na nasa isip na Niya—na Niya na huhubugin Niya si Moises sa paraan na hinubog si Moises. Si Moises ay ganap na propeta. At mangyari nga, na sa pagiging ganap na propeta, heto . . .

49 Katulad nga sa inyo, kung kayo’y Cristiano, ang Diyos ay hindi gumagawa ng Cristianong kalahatian lang. Ang ginagawa ng Diyos ay ganap na Cristiano mismo. Hindi kalahatiang mangangaral lang ang ginagawa ng Diyos, pero mayroon ngang mga mangangaral na kalahatian lang. At ginawa ng Diyos ang Kanyang mga anak na mga Cristiano, pero kung minsan kalahatian silang Cristiano. Pero hindi intensyon ng Diyos na maging ganoon sila. Bunsod ’yun ng kanilang sariling mga pamamaraan na nahahalo sa plano ng Diyos para sa kanila, at ’yun ang dahilan kung bakit nagiging ganoon sila. Hindi ibig ng Diyos na sila’y maging kalahatiang Cristiano lang, o kalahatiang mangangaral lang, na nakikipag-kompromiso sa magkabilang panig, o . . . Ang nais Niya’y yaong makakatayo sa puwang sa pagitan ng dalawang pader.

50 Ngayon, si Moises, ginawa siya ng Diyos na maging isang ganap na propeta, para sa isang ganap na pagpapalaya. At ganap na nagpaubaya si Moises sa mga kamay ng Diyos. Yan ang dahilan kung bakit ganoon ang pagkakagawa sa kanya. Siya'y ganap mismo na nasa Diyos hanggang sa mapagkatiwalaan siya ng Diyos.

51 Iniisip ko, sa umagang ito, bilang mga Cristiano, kung atin na bang naisuko ang sarili nating mga kaloban, at isinuko na natin ang ating sarili nang ganap sa Diyos, na maipagkakatiwala ng Diyos ang puwesto na pinaglagyan Niya sa atin. Iniisip ko, sa umagang ito, kung ako ba, kung maisusuko ko ang sarili ko sa Diyos na pagkakatiwalaan ako ng Diyos, pagkakatiwalaan si Kapatid na Neville, pagkakatiwalaan ang lupon ng mga katiwala, pagkakatiwalaan ang lupon ng mga diyakono, o ang mga miyembro natin sa ating simbahan. Lahat tayo'y may puwesto, at mayroon tayong tungkulin.

52 Ang ministro'y may dako ng tungkulin, na tumayo at ipangaral ang di malirip na mga kayamanan ni Cristo, nang hindi nakikipagkompromiso, kung siya'y tinawag para maging isang mangangaral. Hindi niya palalampasin ang isang bagay para lang sa isang tao, kung siya'y tinawag para maging isang mangangaral.

53 At ang miyembro ng iglesya, yamang tinawag siya bilang isang miyembro ng isang partikular na grupo, kung ganoon ay hindi siya makikipagkompromiso. Kung ang iglesya'y naniniwalang hindi dapat tayo nagsusugal, kung ganoon ang miyembro na 'yun ay di dapat humawak ng mga baraha. Yamang di tayo naniniwala sa pag-iinom, ang tao na 'yun ay dapat ilingon niya nang ganap palayo ang kanyang ulo mula sa pag-iinom. Kung hindi tayo naniniwala sa pagsusugal, o paninigarilyo, ang miyembro ng iglesya'y di dapat hahawak ng ganoong bagay. Ang Diyos ay nagkakaloob ng ganap na paglayo. Kapag tayo . . .

Ibubunsod Niya 'yun kung ganap nating maisusuko ang ating mga sarili sa Kanya. Kung ganap nating maipaubaya ang ating mga sarili diyan sa Kanyang kamay, kung ganoon ang Diyos ay makakapanahan sa atin. Si Cristo, ang Pag-asa ng Kaluwalhatian, nagagawa Niyang ipaaninag ang Kanyang Sarili mula sa atin kapag inaalis natin ang ating mga sarili sa pagkakahambalang sa daan. Pagkatapos nga'y ang ating mga pag-iisip ay Kanyang mga pag-iisip na. Maiisip n'yo ba 'yun na si Cristo'y naninigarilyo? Maiisip n'yo ba 'yun na si Cristo'y nag-iinom, o naglalaro ng baraha? Mangyari nga na kung ang inyong espiritu'y bahagi ng Kanyang Espiritu, nais Niyang suportado 'yun ng inyong pagpapatotoo. Pero nahahayaan n'yo ang diyablo na makapasok at mangialam. At sa tuwina, sa inyong puso, sa kaibuturan, alam n'yo na mali kayo kapag ginagawa n'yo ang mga bagay na ito.

At kapag ang isang miyembro'y magsasalita ng laban sa iba pang miyembro, alam n'yo na mali 'yun. Iniutos sa inyo na manalangin para sa isa't isa, hindi magsalita ng anumang laban sa isa pa, bagkus ay mag-ibigan sa isa't isa. At kung may lugmok, alalayan natin siya para makatayo, tulungan siya. Ngayon, 'yun ang nagbubunsod sa atin na maging isang—isang—isang nagkakaisang grupo ng mga mananampalataya. Ngayon, kung di tayo tatalima roon, kung ganoon ay di tayo tumatalima sa Diyos at di natin nilulugod ang Diyos. At kaya naman, ang ating iglesya, ang ating mga miyembro'y hindi yumayabong, hindi umuusad ang iglesya, dahil tayo'y walang pagkakaisa, na magkakalakip. Gaya ng sinabi noon ni Jesus, "Ang kaunting lebadura'y nagpapakumbo sa buong limpak."

54 Ngayon, kung ang lupon ng iglesya, o tulad ng mga—ng mga diyakono, halimbawa magpupulong sila't sasabihin na tayo'y . . . nagplaplano sila na dapat tayong magtayo ng bagong tabernakulo. Kung 'yun ang pinagbotohan ng mga diyakono, at ang mga katiwala'y kinonsulta't wala silang pera para gawin 'yun, pagkatapos nga'y gagawa sila ng programa para sa pagpapatayo ng gusali gaya ng mayroon tayo ngayon. At pagkatapos dadalhin 'yun sa pangkalahatan na mga miyembro, gaya ng dapat nating gawin, haya't ang buong iglesya nga'y may malayang pagpapasya. Tapos kung bumoto ang iglesya para sa bagong tabernakulo, kung ganoon lahat tayo'y magtutulung-tulong na sama-sama sa pagpapatayo ng bagong tabernakulo.

55 Sa totoo lang, sa akin, noong mabanggit nila ang tungkol sa bagong tabernakulo, sa akin, hindi ako sang-ayon sa planong 'yun. Siyanga. Sabi ko, "Hindi naman natin kailangan ng bagong tabernakulo mismo. Ako marahil ay aalis din dito malapit-lapit na, gaya ng ano ng Panginoon . . . kung 'yung bagay na ipinakita Niya sa akin ay mangyayari. Bakit pa natin kailangan ng bagong tabernakulo? Wala naman tayong pera."

56 Tapos nagtungo ako at pinakiramdaman ko kung ano ang pulso ng iglesya, kung ano ba sa iglesya, sa nakararami, kung ano ang gusto nito. Pagkatapos ano ngang ginawa ko? Sinakripisyo ko ang sarili kong pag-iisip at pumanig ako sa iglesya. Sige, gawin natin. Kung . . . Ganoon ang paraan ng pagpapasya natin, ganoon ang pamamaraan noong panahon sa Biblia, ang paraan kung paano bumoto ang iglesya. Ang—ang kapamahalaan, nasa grupo ng mga tao, sila'y naglalakip-lakip na nagkakaisa. Sa pagkakaisa'y may kalakasan. Kaya, naman, sabi ko, "Sige, kung 'yan ang nais ng iglesya, kung 'yan ang nais ng Diyos, Siya'y may higit na kapamahalaan sa botohan sa kalagitnaan ng isang buong grupo ng mga tao kaysa sa mayroon Siya sa akin, dahil wala akong pangitain para sabihin na hindi dapat ganoon." Kaya ibinigay natin 'yun sa iglesya, at kumilos kasama ang iglesya. At nasa likuran ako nito, para gawin ang lahat ng makakaya ko, kita n'yo, para tumulong sa iglesya.

57 Yan dapat ang motibo ng bawat Cristiano at bawat tao sa loob ng iglesya, ang mapagkaisa natin ang ating mga sarili at maglakip-lakip. Kung ano mismo ang pinagbotohan ng iglesya, 'yun dapat ang tayuan natin. Tapos sabihin na lang natin, halimbawa, ang. . .may gustong pagbabago sa iglesya. Buweno, mangyari nga, kung gusto ng mga katiwala, ang. . .may gusto, ang mga diyakono, gusto nilang baguhin ang isang bagay, 'yun po'y iprepresenta sa harap ng iglesya, tapos ang iglesya'y magkakaisa. At kung ang ating—kung ang ating ideya ay medyo iba kaysa sa sinasabi ng buong iglesya, isakripisyo natin ang ideya na 'yun, dahil 'yun lang ang tanging paraan na makatitindig tayo nang nagkakaisa. At kung ang iglesyang ito'y sadyang magpapatuloy sa paraan ng pag-usad n'yo ngayon, at maglalakip-lakip, ang Diyos nga'y. . .Ito'y magiging walang limitasyon, ang bagay na Kanyang gagawin, kung tayo'y maglalakip-lakip. Kinakailangan na maglakip tayo. Yung ganoong paraan ang gusto natin, na maging ganap sa isa't isa, at pagkatapos ay maging ganap sa mga kamay ng Diyos.

58 Pagkatapos kinakailangan natin ng isang tao na naniniwala tayong makakapangaral ng Salita ng Diyos. Kung hindi kayang gawin 'yun nung lalaki, mangyari nga na kumuha kayo ng may kakayahan na gawin 'yun. Ganyan dapat ang tayo natin. Kung ang lupon ng mga katiwala'y hindi maninindigan sa kung ano ang tama, kung ganoon ay tungkulin n'yo na humalal ng isang tao na maninindigan sa kung ano ang tama. At pagkatapos kung gagawin n'yo 'yun, manatili kayo roon. Nakasalalay 'yun sa inyo. Panindigan n'yo 'yun. At, sama-sama lahat, tayo'y naninindigan sa isang Bagay, 'yun ay ang Diyos.

59 Kung ang isang kasapi'y makagawa ng pagkakamali, huwag n'yo siyang itakwil. Tulungan n'yo siya. Alalayan n'yo siya para makatayo. Magkaisa kayo, pakinggan n'yo ang isa't isa. Yan ang sinasabi mismo ng Kasulatan. Kapag nakagagawa tayo ng mali, dumulog tayo sa harap ng Diyos. Bago tayo makadulog sa harap ng Diyos, kinakailangan na magtungo muna tayo roon sa tao na nasaktan natin.

60 Yun na 'yun ang dapat kong gawin. At yamang nalalaman ko na nakagawa ako ng pagkakamali. Nakapagsinungaling ako, naibunsod ko ang maybahay ko na magsinungaling. Sa palagay ko nabanggit ko na sa inyo ang tungkol dito, dito sa iglesya. Mga ilang araw pa lang ang nakararaan, di pa katagalan, anim na linggo pa lang ang nakararaan. Pinagod ako ng mga abogado, tungkol dun sa imbestigasyon na ito, na umabot sa punto na para bang hindi ko na alam kung nasaan ako. Kauuwi ko lang galing sa opisina, para kumain ng tanghalian. At nag-ring 'yung pribadong numero, at pinuntahan ni Meda 'yung telepono para sagutin. Tinakpan niya 'yun, sabi, "Ang mga abogado uli."

61 Sabi ko, "Hindi ko na kayang tumiis ng isa na namang hapon ukol diyan. Para bang mabibiyak na ang ulo ko. Lumilipad ang

isip ko, para bang hinahatak ako sa gawi rito, at gawi roon, at gawi rito." Sabi ko, "Hindi ko na kaya." Tapos tumayo ako, tapos sabi ko, "Sabihin mo sa kanila na wala ako rito," tapos nagpunta ako sa likod ng bahay.

62 Nung bumalik na ako. . . Si Meda'y sensitibo talaga sa ganoong mga bagay. Pinuntahan niya ako sa may pintuan, na humihibik. Sabi niya, "Bill, tama kaya 'yun?"

63 Alam n'yo 'yung katayuan n'yo. Alam ko kung anong katayuan ko. Sabi ko, "Ayos lang 'yun. Wala naman ako rito kanina." Alam ko na kinondena ako ng Diyos dahil dun. Sabi ko, "Wala naman ako rito kanina."

Sabi, "Pero nandito ka noong tumawag 'yung tao."

64 Noong hapon nun nagtungo ako para manalangin para sa isang sanggol na may sakit. At bago ako umalis ng bahay, nag-ring uli ang telepono, at tumakbo papalapit si munting Joseph at hinawakan 'yung telepono at nagsabi, "Daddy, gusto n'yo po bang sabihin ko na wala ka rito?" Nakita n'yo na kung gaanong nakakahawa ang kasalanan, ano na kaya ang kahihinatnan ng isang buong pamilya?

65 Unang Juan, sa ika-5 kabanata, at sa ika-21 talata, sabi, "Kung hindi tayo kinokondena ng ating mga puso, kung ganoon ay may lakas ng loob tayo sa Diyos." Pero kung kinokondena tayo ng ating mga puso, papaano tayo magkakaroon ng lakas ng loob sa Diyos? Alam natin, na habang may kasalanan tayo na hindi naipagtatapat, hinding-hindi Niya tayo pakikinggan. Mabigat 'yan, pero, ito'y—ito'y—ito'y, kailangan ng iglesya ang mga bagay na ito.

66 Pagkatapos nagsimula na akong manalangin para sa sanggol na ito. At nung simulan ko nang patungan ng mga kamay ang sanggol, pinagwikaan ako ng Panginoon at ang sabi, "Nagsabi ka ng kasinungalingan. Hindi ka karapat-dapat manalangin para sa sanggol na 'yun."

67 Bumaling ako mula dun sa lalaki. Sabi ko, "Ginoo, maghintay lang po kayo rito. May bagay lang ako na dapat kong itama muna."

68 Tinawagan ko ang abogado at nagpunta ako sa opisina, pinapunta siya. Sabi ko, "Naku, ginoo, nakapagsabi ako ng kasinungalingan. Inutusan ko ang maybahay ko na magsinungaling. Sinabi niya na wala ako noon, at ang ginawa ko'y tumakbo ako sa likod ng bahay." At ipinagtapat ko 'yun at sinabi ko ang tungkol dun.

69 Lumapit siya't ipinatong ang kanyang mga kamay sa balikat ko. Sabi niya, "Kapatid na Branham, noon pa ma'y lagi na akong may pagtitiwala sa'yo, pero ngayon mas nadagdagan pa ang pagtitiwala na 'yan, isa kang ginoo," sabi niya, "na handang itama ang kanyang mga kamalian."

70 Sabi ko sa kanya, sabi ko, “Kanina’y nagsisimula na akong manalangin para sa isang sanggol, at kinokondena ako ng Panginoon, sa puso ko, dahil alam ko na nakagawa ako ng mali.”

71 Pagkatapos, nung sumunod na araw, sabi ng maybahay ko, “Saan ka pupunta?”

Sabi ko, “Sa kuweba ko.”

72 At nagtungo ako sa kuweba ko, sa Charlestown, kung saan ako laging pumupunta, nang mga ilang taon na. Nagtungo ako roon, at nanalangin nang buong araw, “Oh Diyos, ibunsod Mo po na hindi na ako gumawa ng katulad nun uli. Iyo pong patawarin ako, Panginoon, dahil noong simulan kong ipatong ang mga kamay ko sa taong may sakit, para manalangin, ako nga’y nakondena.” Noong mga alas tres ng hapon, lumabas ako. May malaking bato roon. At sumampa ako roon sa bato at tumanaw ako sa direksyon ng silangan, na ang mga kamay ko’y nakataas, pinupuri ang Panginoon. At napakatahimik nga roon. Tapos sabi ko, “Panginoon, kung Iyo lamang itutulot. . .Isang beses po’y dumaan Ka sa harap ni Moises, at ang sabi ni Moises isa ’yung . . . noong ilagay Mo po siya sa biyak ng bato, haya’t ang itsura nun ay likod ng isang tao.” Sabi ko, “Iyo po bang maibubunsod ’yun uli, Panginoon? Iyo pong ipabatid sa akin na ako’y pinatawad na.” Tapos sabi ko, “Kung Iyo po akong lilingapin at paririto sa diwa ko. . . ” Sabi ko, “Panginoon, hindi po ako malakas, pagdating sa utak, dahil wala po akong edukasyon.” Sabi ko, “At ako—ako’y nagsisikap lamang para maglingkod sa Iyo. Iyo pong natatalos ang puso ko, at hindi ko. . .Hindi ko po dapat ginawa ’yun. Hindi ko po sinasadya na gawin ’yun. Yung ulo ko nga’y parang mabibiyak, grabe ’yung nerbiyos ko, at nagawa ko ’yun nang biglaan lang noong madale ako ni Satanas.” Sabi ko, “Kung patatawarin Mo po ako, itulot Mo na makita Kita, kung ganoon, Panginoon.”

73 Ang Diyos bilang aking Tagahatol; doon mismo sa gilid ko, ’yung munting dako roon sa mga palumpong ay nagsimulang umipo-ipo gaya ng isang Hangin, at dumako Yun sa gilid nung kuweba kung nasaan ako, at nagtuluy-tuloy sa kakahuyan. Oh, kapatid, isang kapayapaan na lagpas sa lahat ng pagkaunawa’y dumaan sa akin, at naiyak ako. Tumangis ako. Sumigaw ako. Alam ko na ang mga kasalanan ko’y ipinatawad na. Kita n’yo, wala akong pakikipag-isa sa Diyos, hindi ako makapagbubunsod na gumaling ang sanggol.

74 Ako. . .At noong sumunod na araw mismo may isang lalaki mula sa Chicago, na isang kilalang lalaki, isang Katoliko na naakay, ’yung mga balbyula niya sa kanyang puso ay namaga na gaya ng lumobong daluyan, at matagal na nilang sinusubukan na hiwaan ’yun, gagawin nga sana nila, at hindi lang pumayag ang lalaki. Sa wakas nagkaroon siya ng pagkakataon na makapanayam ko. Sa mga panayam na ’yun, nananatili tayo

roon hanggang sa masumpungan natin kung anong mali. At 'yung lalaki'y anupa't kapapasok lang dun, na haya't ang Espiritu Santo'y tumugaygay mismo sa buong buhay niya at sinabi ang isang bagay na nagawa niya noong siya'y sakristan pa sa iglesyang Katoliko. Sabi niya, "Yan ang katotohanan. Yan ang tapat na katotohanan." Sabi, "Ang ibig mo po bang sabihin ay menos 'yun sa akin?"

Sabi ko, "Yun lang ang tanging anino na nakikita ko sa buhay mo."

75 Bumalik siya at sinabi sa doktor, sabi, "Sige, paghandaan mo na ang lahat, uumpisahan na natin ang pag-oopera."

76 Sabi ng doktor, "Titingnan lang natin 'yung puso mo ulit." At nung silipin 'yun ng doktor, sabi ng doktor, "Hindi mo kailangang maoperahan." Kita n'yo?

77 Kung kinokondena tayo ng ating mga puso, nagnanais tayo ng ganap na paglaya. Ayaw natin na kalahatian lang, iglesya. Ang gusto nati'y maging tunay na iglesya mismo o wala nang iglesya. Ang nais nati'y maging tunay na mga Cristiano o wala na lang Cristiano. Ang gusto nati'y ganap na paglaya mula sa ating mga bisyo, mula sa ating mga kasalanan, mula sa ating masamang pag-iisip, mula sa masama nating ginagawa, mula sa ating pagpapabaya, sa anumang ginagawa natin. Nagnanais tayo ng ganap na paglaya, para sa oras na magpupunta ang mga tao sa loob ng simbahang ito, para maipanalangin, ay heto mismo ang munting grupong ito (marahil hindi lalampas ng sandaan, o dalawang daan) na nakaupo rito, pero ganap silang nasa mga kamay mismo ng Diyos. At sa pananalangin natin, mangyari nga na diringgin tayo ng Diyos mula sa Langit. Ang nais ng Diyos ay isang tao na mahahawakan Niya sa Kanyang mga kamay, isang tao na masasabi Niya, "May tiwala Ako. Maisusugo Ko ito, ang Aking may sakit na lingkod, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, at ang grupo ng mga tao roo'y may pagkakasundo." May bagay mismo na mangyayari.

78 Buweno, tingnan n'yo 'yung nagagawa Niya para sa atin sa kondisyon nating ito. Ano pa kaya ang magagawa Niya kung tayo'y iisa ang puso't nagkakasundo-sundo? Ang tanging paraan para magawa natin 'yan, ay maipagkaisa natin ang ating mga puso na maglakip sa pag-ibig sa kapatid, sundin ang mga opisyal sa simbahan, at ang pastor, at ang pastor ay sumusunod sa Diyos. Pagkatapos ang Diyos ay kikilos sa pamamagitan ng pastor, hanggang sa lupon, hanggang sa iglesya mismo, at ang lahat na sama-sama'y isang yunit sa Kaharian ng Diyos. Pagkatapos dirinig ang Diyos, kapag tayo'y grupong nagkakalakip-lakip na. Huwag n'yong hayaang may gumambala sa inyo. Huwag kayong madismaya ng kung ano.

79 Ngayon, ganyang uri ng tao ang itinalaga ng Diyos para makuha ang lupain. Si Moises ay ganap, siya'y isang

lalaking hinding-hindi makikipagkompromiso. Sakaling may mga pagtatalo-talo't alitan, at iba pa, hindi siya nakikipagkompromiso. Yan ang nais ng Diyos sa atin ngayon.

80 Umayon naman noon si Faraon, sabi, "Moises, lahat kayo'y makahahayo, at, pero, iwan mo lang ang inyong mga anak, o iwan n'yo lang ang inyong mga bakahan dito."

81 Ganyan ang nais ng diyablo na gawing paglapit ng Cristiano. "Mainam 'yan na umanib kayo sa simbahan, pero huwag mo ngang patawarin si Jones. Ayos lang 'yan na dalhin mo papasok ang iyong. . . kung lalakad ka. . . Hindi mo naman kailangang isuko 'yang paninigarilyo mo, 'yang pag-iinom mo, 'yang pagsisinungaling mo, 'yang pagnanakaw mo, 'yang paghahanap mo ng mali, paninira nang patalikod. Hindi mo kailangang isuko 'yan. Umanib ka lang sa simbahan."

82 Pero hindi nakikipagkompromiso si Moises. Ang nais niya'y ganap na paglaya. Sabi niya, "Hindi kami magpapaiwan ni isang paa man ng baka. Dadalhin namin ang lahat ng pagmamay-ari namin, sa aming paghayo para sambahin ang Panginoon."

83 Ganoon dapat ang iglesya. "Dadalhin namin ang katuwiran. Dadalhin namin ang kabanalan. Dadalhin namin ang Espiritu Santo. Dadalhin namin ang isang nagkakaisang grupo sa pagdulog namin sa altar. Kami'y magiging tunay na grupo. Wala kaming iiwan ni anuman. Dadalhin namin ang lahat. Walang paa ang maiiwan dito." Alam n'yo, haya't makapapanalangin ang mga tao sa ganoong paraan na ang diyablo'y susuko na lang.

84 Ganoong paraan ang ginawa ni Moises at ng grupo niya. Dumako sila roon at nagpasailalim sa Dugo. Napansin n'yo, hanggang sa mapasailalim sila sa ilalim ng Dugo, walang lubos na paglaya. Si Moises, mismo, siya'y kaisa sa Diyos, pero ang Israel ay hindi. Mayroon pa ring kasalanan. At nagbulung-bulungan sila laban kay Moises, at ang sabi nila, "Bakit, bakit mo ginagawa ito? Naghahatid ka lang ng mas higit na suliranin sa amin." Dahil, dinoble ni Faraon 'yung bilang ng gagawin nilang ladrilyo, at kung ano pa. Hayun nga si Moises; siya'y ganap na nasa mga kamay ng Diyos, ganap na pinalaya mula sa pagpapastol ng mga tupa, tungo sa pagpapastol sa mga tupa ng Diyos. Siya'y lubos na pinalaya, mismo. Pero ang mga tao'y hindi pa malaya, dahil mayroon pa ring bulung-bulungan sa kalagitnaan nila.

85 Isang gabi noong italaga ng Diyos na isang kordero ang kailangang paslangin, tipo ni Cristo, at ang dugo'y isinawsaw sa hisopo, na, kung anong damo lang (pangkaraniwan, mababa lang), at ipahid 'yun sa itaas ng pinto at sa mga haligi, 'yun nga 'yung sandali na ang Israel ay ganap na napalaya, na walang paa man ang maiiwan. Ang lahat ng pagmamay-ari nila'y pinalaya. Ang mga kapamilya nila, kanilang mga mahal sa buhay, at ang lahat ay pinalaya noong ganap na silang sumailalim sa dugo.

86 Ganyan nga 'yung sandali na ang iglesya'y ganap na mapapalaya, kapag ang lahat ay nagpasailalim na sa Dugo. Kapag ang inyong mga pagkakasala'y isinailalim sa Dugo, kapag ang inyong paninigarilyo, kapag ang inyong pagsusugal, kapag ang inyong pandaraya, kapag ang inyong pagnanakaw, kapag ang inyong pagsisinungaling, kapag ang lahat ay napailalim sa Dugo, pagkatapos nga'y magkakaroon ng isang ganap na pagpapalaya. May mali kang nagawa sa isang tao, ituwid mo. Hindi mo 'yan madadala sa ilalim ng dugo, hindi 'yan tatagal. Hindi mo 'yan madadala. May Bagay na hindi ka itutulot na gawin 'yan. Kapag ang inyong sarili'y ganap, buong-buong napailalim sa Dugo, doon magkakaroon ng ganap na pagpapalaya; pagkatapos magkakamit ka ng kalayaan na hindi mo pa napagtatanto noon. Kapag ang lahat ay napailalim sa Dugo, naipasakop sa Kaharian ng Diyos, kung ganoon magkakaroon ng tunay na paglaya.

87 Si Jesus ay ganap, na buong tao. Nakaiiyak Siya na gaya ng isang tao. Nakakakain Siya na gaya ng isang tao. Napapagod Siya na gaya sa isang tao. Siya'y ganap, na tao mismo, sa Kanyang pisikal na katayuan. At sa Kanyang Espiritu, Siya'y ganap, na lubusang Diyos, kaya ibinunsod Niya ang Kanyang laman na magpasakop sa Espiritu na nasa Kanya. Kita n'yo, tinukso Siya sa lahat ng paraan gaya natin. Siya'y isang tao, hindi isang Anghel. Siya'y isang tao. May mga pagnanasa Siya't mga tukso, gaya natin. Sinabi ng Biblia na mayroon Siya. Siya'y isang tao, hindi isang Anghel na angat sa tukso. Ang sabi ng Mga Hebreo 1, na, "Siya ay. . . " Sabi ng Mga Hebreo 1:4, "Siya'y ginawang mababa kaysa sa mga Anghel." Siya'y tao, ganap na tao; na ang Diyos ay kumuha ng isang ganap na tao, para maghatid ng ganap na pagpapalaya, at Kanyang pinuspos Siya ng Kanyang Espiritu. Ang Espiritu Santo'y nasa Kanya, nang walang sukat. At Siya'y tinukso gaya rin naman natin. At Siya'y ganap mismong Diyos. Pinatunayan Niya 'yun noong magbangon Siya mula sa patay, noong pahintuin Niya ang kalikasan, ang nangangalit na dagat at ang malalakas na hangin. Noong magsalita Siya sa mga puno, at iba pa, ang mga ito'y tumalima sa Kanya. Siya'y Diyos, sa loob. At Siya'y maituturing na tao mismo, dahil Siya'y tao namang talaga, pero buong-buo't ganap na inihatid Niya ang Sarili Niya (bilang isang tao) patungo sa mga kamay ng Diyos, para sa gawain ng Diyos.

88 At Siya ang ating halimbawa. Tayo'y mga kalalakihan at kababaihan. Tayo'y mga Cristiano rin. Kung Siya ang ating halimbawa, atin nang ganap na ihatid ang ating mga sarili patungo sa mga kamay ng Espiritu Santo, nang sa gayon tayo ay maging mga sakop sa Kaharian ng Diyos.

89 Siya'y ganap na tao; Siya'y ganap na Diyos. Pero isinuko Niya ang Kanyang mga natural na bahagi sa Kanyang. . . at ang Kanyang mga pisikal na bahagi, at ang Kanyang sariling pag-

iisip, at Kanyang sariling gawa, at Kanyang sariling pag-aabala, at, “Ginagawa Ko lamang ang nakalulugod sa Ama.” Hayan nga. Ganap na pinalaya mula sa mga tao. Nilapitan Siya ng mga saserdote noon, mga dakilang kalalakihan, at sabi, “Rabi, *ganito-at-ganoon*,” at sinubukang suhulan Siya para umanib sa kanilang samahan at mga denominasyon. Pero Siya’y ganap na pinalaya dahil nagtiwala Siya sa Diyos.

90 Hindi ba’t sinabi noon ng Salmista, “Ililigtas Ko Siya, sapagkat ganap Siyang nagtitiwala sa Akin”? Kita n’yo? “Ililigtas Ko ang Aking Minamahal mula sa mga aso, dahil Siya’y nagtitiwala sa Akin.”

91 Pagdating ng oras na ’yun na hahantong na tayo sa dulo ng paglalakbay natin sa buhay, ninanais ko ’yun para sa akin. Alam ko na ninanais n’yo rin ’yun para sa inyo. Nais kong sabihin Niya, “Palalayain Ko siya mula sa mga pangil ng kamatayan, sapagkat siya’y nagtiwala sa Akin. Palalayain ko siya mula sa libingan, sa umagang ’yun ng pagkabuhay na mag-uli, ganap na palayain siya, kapwa kaluluwa, katawan, at Espiritu, dahil siya’y nagtiwala sa Akin.”

92 Ganap ang lahat ng mga gawa ni Jesus. Ang lahat ng ’yun ay ganap, lubos, na pagpapalaya. Ganap Niyang pinalaya ang ketongin mula sa ketong. Ganap Niyang pinalaya ang babae mula sa pag-aagas ng dugo, mula sa kanyang pag-aagas. Ganap Niyang pinalaya ang sanlibutan mula sa kasalanan, noong mamatay Siya noong araw na ’yun ng pagtutubos. Ganap Niyang tinubos ang bawat kasalanan. Pinalaya Niya ang Iglesya. Kaya hindi na kailangan na mamuhay pa rin tayo bilang kapus-palad, na mga tao. Hindi na kailangan na mamumuhay pa rin tayo sa katayuang talunan, dahil ginapi na Niya ang diyablo at kinuha ang lahat ng mga prinsipalidad at mga kapangyarihan, at sinupil ang mga ito sa ilalim ng Kanyang mga paa, at wala ng legal na mga karapatan ang mga ito para mangibabaw sa inyo. Tayo’y mga Cristiano, na puspos ng Espiritu Santo. Hindi natin kailangang dikta- . . . diktahan tayo ng diyablo. Pinalaya na tayo ni Cristo, sa ganap na pagpapalaya; pinalaya na tayo mula sa masama, pinalaya tayo mula sa kasalanan, pinalaya tayo mula sa ating mga bisyo, pinalayo tayo mula sa mga pagtsitsismis, pinalaya tayo mula sa—mula sa pagiging abusado, pinalaya tayo mula sa lahat na ng uri ng mahahalay na bagay. Ganap Niyang pinalaya tayo at inilagay tayo sa Kanyang banal na mga kamay; isang buong-buo’t, ganap na pagpapalaya.

93 Pinalaya Niya tayo mula sa ating karamdaman. Pinalaya Niya tayo mula sa ating sakit, dahil mayroon na tayong di matututulan na titulo para roon. Hallelujah! “Sapagkat Siya’y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, sa Kanyang mga latay ay pinagaling na tayo.” Siya ang ating Tagapagpagaling. Yun ang dahilan kaya ’yung aba’t, munting, babae na may polio, na nagsisikap alagaan ang kanyang asawang lalaki na

mamamatay na sa kanser, ang babae nga'y lumakad sa mga dako ng Presensya ng Diyos. Taglay niya ang pananampalataya. At siya. . . Ginawa na ng mga doktor ang lahat ng kanilang magagawa, kaya sumunod siya sa mga tagubilin ng Diyos at ganap na pinalaya.

94 Nagkamit ang mga alagad ng ganap na paglaya, tiyak na ganap na paglaya. Bakit? Dahil sila'y ganap at lubos na napuspos ng Espiritu Santo. Samantalang kayo, na isang miyembro lang ng iglesya't nakikipagkamay sa pastor, o may kung anong. . . may kung anong uri ng munting karanasan ng pagtalon, pagsigaw, o pagsasalita sa iba't ibang wika, o kung ano; at may masamang akala sa inyong puso, kakaibang ginagawa, nagsisinungaling, naninigarilyo, nagnanasa sa mga kababaihan; may bagay na hindi pa nangyayari. May kung anong bagay na mali. "Sapagkat siya na iniibig ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa kanya." Kayo'y nailigaw. "Sa kanilang mga bunga'y makikilala n'yo sila."

95 Nais nating lahat na magkaisang magkakalakip, kasama ang Espiritu Santo. Bawat miyembro'y kinakailangan na mapagkaisa, sa isa't isa. Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nililinis tayo Nito mula sa lahat ng di-pagkamatuwid. Tayo'y pinalaya mula sa mga bagay ng sanlibutan. Sinabi ni Jesus, "Sa ganito malalaman ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad, kapag kayo'y may pag-ibig, sa isa't isa." Kapag ang isang miyembro nga'y iniibig ang isa pang miyembro nang lubos na ito'y handang mamatay para rito.

96 Kahit pa may isang masamang bagay na uusbong, sa mundo sa labas, na may ilang kababaihan na marahil darating at sasabihin, "Ngayon, tingnan mo, iha. Mas mabuti siguro kung gawin mo 'yung *ganito*, o gawin 'yung *ganoon*, magsuot ng *ganito*, o gawin ang *ganoon*, o gawin ang *ganito*, at lumayo ka riyan sa sangkumpol na mga holy-roller," o parang ganun, hayan nga't tayo'y lubos na may paglalakip sa Diyos!

97 Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, grabeng tukso 'yun." Pero si Cristo nga'y namatay para sa layunin na 'yun. Ginapi na ang diyablo. Nais natin ng ganap na pagpapalaya. Ang nais nati'y isang iglesya na dalisay at malinis at walang bahid, hinugasan sa Dugo ng Cordero, at puspos ng Espiritu Santo, at may mga tanda't mga kababalaghan at mga himala. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . ganap na inililigtas ang bawat isa. [Blangkong bahagi sa teyp].

98 Minamahal na Diyos, hindi Mo po kinukuha ang mga bagay maliban kung ito'y ganap na pinalaya na. Hindi Mo maaaring tanggapin ang isang alay na may dungis. Hinding-hindi Mo tatanggapin ang isang pananalangin, na may kasalanan sa buhay ng taong 'yun. Hindi Mo po 'yun gagawin, Panginoon.

Hindi Mo ’yun ginawa sa mga kapanahunan na nagdaan, at hindi Mo rin ’yun gagawin ngayon. Bagkus ang handog ay kinakailangan na walang dungis mismo. Panginoong Diyos, habang inilalapag namin ang aming mga sarili sa altar, na isang iniaalay na buhay, Iyo pong kunin mula sa amin, Oh Panginoon, ang lahat ng dungis ng kasalanan. Ganap ko pong inilalapag ang aking kaluluwa, at aking katawan, at aking lakas, aking mga pagsisikap, kasama ang iglesyang ito sa umagang ito, sa ibabaw ng altar. Iyo pong linisin kami sa pamamagitan ng Iyong Dugo, at patawarin kami sa bawat kasalanan na nagawa namin. At nawa ang dakilang Espiritu Santo’y masaganang manatili sa amin, at ang Kanyang Presensya’y sumama sa amin mula sa tabernakulong ito sa umagang ito, nang sa gayon mabatid namin sa aming mga sarili na Kanyang pinatawad na kami. Kung kaya naman ang pananalangin ay, “Patawarin Mo po kami sa aming mga pagkakasala gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala laban sa amin.” Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

99 Ikaw po nawa’y maging malapit lang sa amin ngayon, pagpalain kami at bantayan kami hanggang sa magkita-kita kami uli sa panggabing gawain. Nawa po’y makadulog kami na may malilinis na kamay at dalisay na puso, na hindi Mo kami tatanggihan, dahil nagnanais kami ng buo’t ganap na pagpapalaya mula sa anumang bagay, Panginoon, na pipigil sa amin para maging liwanag ng mundo; isang kandila na nakatirik mismo sa ibabaw ng burol, na walang taklob sa ibabaw nito, bagkus isang kandila na nakatirik sa ibabaw ng burol, na nagbibigay liwanag para gabayan ang mga paa ng mga tao sa daan na tama. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, at para sa Kanyang Kaluwalhatian. Amen.

100 Hihilingin ko lang kay Doc. . . Sa palagay ko nandiyan siya sa likod, o kaya isa sa mga diyakono na nandito. Para mabasa ito ng iglesya, Doc, sige’t ilagay mo ito sa paskilan ng mga anunsyo para makita ng iglesya sa paglabas nila. At pagkatapos si Kapatid na Collins, kung nandito siya . . . Nandito ba si Kapatid na Collins? Ibigay mo sa kanya itong isa pa.

101 At, sige, po, at tingnan natin kung ano . . . [Huminto pansumandali si Kapatid na Branham at tahimik na binabasa ang isang sulat—Pat.] May isa na gustong magpanayam. Lagi na po ’yan. Ikinagagalak po natin ’yan.

At nagkakaroon po ako ng mga panayam. Kita n’yo, ang gagawin n’yo lang ay tawagan ang numero namin diyan. Kami—kami po’y maraming mga inaasikaso sa bahay, alam ’yan ng iglesya. Para po ito sa mga baguhan. Alam na kasi ito ng iglesya. Mayroon dapat munting piraso na ipapaskil . . . Ipalalagay ko ’yun dito sa loob ng simbahan, din, para sa mga dumadalo. Kita n’yo, napakarami, na hindi natin sila kaagad naaasikaso

lahat, habang dumudulog sila ayon sa numero. Kita n'yo? At kami'y. . .Puwede n'yo pong tawagan ang BUtler 2-1-5-1-9, BUtler. [Ang numero ng telepono ay nabago na.—Pat.] At sa mga miyembro po kapag may makita sila na may gusto, ikinagagalak ko po lagi na makipagkita sa mga tao. Pero may regular po tayong sistema. May ilan nang tumawag, mga ilan na rin, kita n'yo. At tinitingnan po namin 'yun, isa-isa, sa pagdako namin. Tapos may. . .Dati po, parang walang kasiste-sistema, bahala na, lalaktaw, lulundag, kaya umuuwi tuloy ang mga tao na dismayado at lahat. Ngayon inilagay na nila ang lahat sa kaayusan. At 'yan po ang sinisikap nating iparating ngayon, kita n'yo, ilagay ang lahat sa kaayusan, nang sadyang nasa ayos.

At ikagagalak ko na makita ang kalugud-lugod na mga taong ito, kung tatawag lamang sila sa BUtler 2-15-19 (1-5-1-9), at si G. Mercier at G. Goad, isa, sa kanila ang sasagot sa telepono at sasabihin sa inyo kung ano ang eksaktong petsa kung kailan kayo naka-iskedyul. Mayroon po tayong lugar diyan, naka-aircon, at ihahanda po 'yun para tanggapin ang mga tao at ipanalangin sila. Sadyang ikinagagalak namin na gawin ito.

102 Ngayon, ang dahilan kung bakit hindi ako nakapupunta sa simbahan, hayan nga na iniisip ng mga tao na siguro'y umiiwas ako sa mga tao; hindi po. Sinisikap ko lamang na—na ganap na nasa ayos. Kita n'yo? Yan ang nais ko, wala po tayong tinatangi na tao. Bawat tao, sinuman, saan man, anumang oras, kita n'yo; anumang kulay, anumang kredo ay walang kinalaman dito. Nagtutungo kami roon at kinatatagpo ang mga tao. At kung may pangangailangan sila, nananangan tayo sa Diyos hanggang sa ito'y malutas. Kung nais nilang alamin ang anumang bagay tungkol sa mga pagtitipon, heto nga, aasikasuhin namin ito at titipunin. Yun po'y sa pangunguna mismo ng Espiritu Santo. At 'yun. . .Sa ganoong paraan, iniisip ko nga na sadyang, pare-pareho ang pagtrato nun sa bawat isa. Kaya, walang tinatangi na kahit sino, walang tinatangi.

103 Mayroon po bang dumako rito para maipanalangin, sa umagang ito, na may sakit at nagnanais na maipanalangin? Sige po. Wala.

Kung ganoon awitin natin ang mainam na awiting 'yun para sa. . .para sumamba. Ano bang puwede nating awitin sa umagang ito? "Anong sa aking sala'y makapag-aalis?" Alam mo ba 'yun, Teddy? "Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus." Anong. . .

[Isang kapatid na babae sa kongregasyon ang ipinaaalam ang isang ginang na malubha ang sakit—Pat.] Sige, po. Nais mong ipanalangin siya ngayon?

Ipananalangin ko ang ginang na ito. Papatungan ko ng mga kamay ang ginang na ito rito. Magagawa n'yo bang iyuko ang inyong ulo kasama ko, kung ganoon, nang taimtim

ngayon. [Iniwan ni Kapatid na Branham ang mikropono ng pulpito—Pat.]

104 Minamahal na Diyos, may ginang po rito na malubha ang karamdaman. Ang aming kapatid na babae'y kumakatawan mismo, na idinudulog ang kanser ng iba, para tumayo na namamagitan, para sa iba. Pero pinalaya Mo po siya mula roon, Panginoon, mga ilang araw ang nakararaan, noong ang mga bagay na 'yun ay maalaman. Iyo lamang pong ibunsod sa kanya na maalaman, mismo, kung ganoon, Panginoon, na maalaman niya na ito'y nanggagaling mula sa Iyo. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya, at humihiling ng awa para sa isa pang babae na ito na kinakatawan niya. Nawa ang biyaya ng Diyos, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo . . . Kung may anumang kasamaan sa aming mga puso, Panginoon, Iyo pong ihahayag ito sa amin, unang-una, pagkatapos kami'y dudulog, para ito'y ituwid. Sa ganoon ay mababatid namin na makasusumpong kami ng kaluguran sa Diyos, magkakaroon kami ng kapayapaan sa Diyos, na makakamit namin ang hinihiling namin, dahil wala nang pagkokondena. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus ay aking idinadalangin. Amen.

Sige po. [Bumabalik si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.]

What can wash away my sin?
Nothing but the Blood of Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Oh, precious is the flow
That makes me white as snow;
No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

105 Ilan po ang ramdam na ang lahat ng pagkakasala n'yo ay nasa ilalim na ng Dugo? Sige't awitin natin ito na nakataas ang ating mga kamay ngayon.

What can wash away my sin?
Nothing but the Blood of Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Ngayon habang ibinababa natin ang ating mga kamay, tayo po'y makipagkamay sa palibot.

Precious is . . .

Mainam po, sige po't sa buong paligid.

. . . white as snow;
No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Amen.

Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Je- . . .

Ngayon manangan po tayo rito, ngayon. Ang lahat po'y manghawakan sa Diyos.

How I love Jesus,
Because He first loved me.

I'll never forsake . . .

*Isang Ganap Na Pagpapalaya* TAG59-0712
(A Total Deliverance)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 12, 1959, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org